Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

3

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## Filipino

**IKAAPAT NA MARKAHAN-MODYUL 3**


**Mga Bumuo ng Modyul**
Manunulat: MARY JANE E. CABACABA
Tagaguhit: PEARL ANNE O. BUCO
Mga Tagasuri ng Nilalaman: RHODELLA V. RAMIREZ
ELMER D. ORDANIEL
Tagasuri ng Wika: RHODONA V. TUGNA
PERLIE O. SABANG

Tagapamahala:
**DR. MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
**DR. MARGARITO B. MATRUM**, Schools Division Superintendent
**DR. GEORGE O. TIZON,** SGOD Chief
**DR. ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
**DR. MA. GLORIA G. TAMAYO**, Regional EPS-Filipino
**DR. JENNIFER G. RAMA**, Division EPS-Filipino
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Supervisor
**DR. DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
**NANCY C MABUNGA**, Regional Librarian



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili**

# ARALIN 3 Pagsulat ng Isang Talata

## Inaasahan

1. Nakasusulat ng isang talata.
   **F3KM-Ivd-3.1**
2. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan.
   **F3PB-Iia-1**

## Unang Pagsubok

**Panuto**: Basahin at kopyahin ang mga pangungusap nang patalata sa inilaang mga patlang. Sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

- Unang araw ng pasok, maagang gumising si Lina.
- Naligo siya at nagsepilyo ng ngipin. Kumain siya ng almusal.
- Masaya si Lina sa unang araw ng kaniyang pasok sa panahon ng pandemya.
- Agad niyang niligpit ang kaniyang higaan.
- Nagbihis siya ng uniporme at humarap sa kompyuter para sa *online class*.
- Bukod sa *online class* mayroon din siyang modyul na sinasagutan.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

1. Tungkol saan ang talata?
2. Ano ang mga ginagawa ni Lina bago pumasok?
3. Paano siya nakapag-aaral sa panahon ng pandemya**?**
4. Ano ang naramdaman ni Lina sa kaniyang unang araw ng pagpasok sa *online class*? ____________________
5. Ano ang iyong karanasan sa pag-aaral ngayong panahon ng pandemya? ____________________

## Balik-tanaw

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang talata. Sipiin ito nang tama.

Ayon sa kasalukuyang pag-aaral, pangunahing kumakalat ang *COVID 19* ng tao sa tao. Sa tuwing bumabahing o umuubo ang taong maysakit, maaaring tumalsik ang mga *droplet* sa bibig o ilong ng ibang taong malapit sa kaniya. Nararapat na protektahan ang sarili at ang iba laban sa sakit na ito sa pamamagitan ng madalas na paghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o alkohol kung hindi makapaghuhugas.

# Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang **talata** ay lipon o grupo ng mga pangungusap na magkakaugnay at tumutukoy sa isang paksa.

Basahin ang isang halimbawa ng talata.

**Masayang Bakasyon**
*Mary Jane E. Cabacaba*

Noong nakaraang buwan, kami ng aking mga magulang at kapatid ay pumunta sa *Baguio* para magbakasyon. Malamig ang simoy ng hangin doon. Naghanda kami ng mga pagkain at pasalubong para sa aming lolo at lola. Tuwang-tuwa sila na kami ay nakadalaw sa kanila. Ipinasyal nila kami sa malawak na bukirin. Nakita namin ang mga gulayan at malulusog nilang alagang hayop. Sumakay rin kami sa kabayo. Masayang-masaya kami sa aming bakasyon.

Tungkol saan ang iyong binasang talata?
_______________________________________________

Paano ito isinulat?
_______________________________________________

Ano ang bumubuo sa talatang ito?
_______________________________________________

Paano ibinahagi ng bata ang kaniyang karanasan?
_______________________________________________

- Suriin natin ang unang talata.

**N**oong nakaraang buwan, kami ng aking mga magulang at kapatid ay pumunta sa *Baguio* para magbakasyon. Malamig ang simoy ng hangin doon. Kami ay naghanda ng mga pagkain at pasalubong para sa aming lolo at lola.

Ang pangungusap na may salungguhit ay ang paksang pangungusap. Ang iba pang pangungusap na nakapaloob sa talata ay mga kaugnay na pangungusap na sumusuporta sa pangunahing diwa ng talata. Ang talata rin ay dapat na nakapasok o may indensyon ang unang salita at nag-uumpisa sa malaking letra.

- Narito pa ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng talata.

1. Ang pamagat ay dapat na makatawag pansin.
2. Manatili sa paksa ang mga ilalaman sa talata.
3. Gamitin ang malaking titik sa unahan ng pangungusap, mga tiyak na pangalan at gumamit ng wastong bantas.
4. Ito ay may panimulang pangungusap, gitnang pangungusap o katawan at pangwakas o konklusyon.

## Gawain 1

**Panuto**: Basahin ang talata at ibigay ang hinihinging detalye sa bawat hanay.

Malusog at malinis na bata si Jamer. Kumakain siya ng masusustansiyang pagkain tulad ng prutas at gulay. Umiinom siya ng walong basong tubig at natutulog nang maaga. Naliligo siya araw-araw at nagpapalit ng malinis na damit. Palagi rin siyang naghuhugas ng kamay para makaiwas sa *COVID 19,* kaya siya ay isang batang malusog.

| **Pangunahing Ideya sa Talata** | **Mga Kaugnay na Pangungusap** |
|---|---|
| | |

## Gawain 2

**Panuto**: Basahin ang sumusunod na pangungusap at isulat ito nang patalata. Lagyan ng angkop na pamagat.

1. Tuwing araw ng Linggo pagkatapos magsimba, kaming magkakapatid ay ipinapasyal ng aming mga magulang sa parke.
2. Masaya kaming naglalaro roon ng habulan, taguan, pagpapalipad ng saranggola, at kung ano-ano pang laro na aming maisip.
3. Tapos, kakain kami ng masarap na pagkaing niluto ni nanay.
4. Samantala si tatay naman ay abala sa pagkuha sa amin ng mga larawan.
5. Masaya kami tuwing sasapit ang araw ng Linggo.

___________________________________________

___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________

### *Rubrik* ng Pagbuo ng Pagmamarka

**Pamantayan**

1. May makatawag pansin na pamagat.
2. May maayos na pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa kabuuan ng talata.
3. May wastong bantas sa hulihan ng bawat pangungusap.
4. May panimulang pangungusap, gitnang pangungusap o katawan at pangwakas o konklusyon.

5. May indensyon o nakapasok ang unang salita at nag-uumpisa sa malaking letra.

5 puntos – Nasunod ang limang pamantayan.
4 puntos – May isang pamantayan ang hindi nasunod.
3 puntos – May dalawang pamantayan ang hindi nasunod.
2 puntos – May tatlong pamantayan ang hindi nasunod.
1 puntos – Isang pamantayan lamang ang nasunod.

## Tandaan



Mary Jane E. Cabacaba

- **Talata** ay lipon o grupo ng mga pangungusap na magkakaugnay at tumutukoy sa isang paksa.
- Ang **talatang nagsasalaysay** ay naglalayong magkuwento ng karanasan, nabasa, nasaksihan, narinig o napanood.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto.** Basahin ang maikling dayalogo. Sagutin ang katanungan nina Roy at Beng. Isulat ang sagot sa kahon sa ibaba.

Isang umaga, nag-aaral sina Roy at Beng ng kanilang aralin sa Filipino.





Ang Talata ay ________________________________
______________________________________________

Mga dapat tandaan sa paggawa ng talata:
______________________________________________
______________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Sumulat ng isang talata tungkol sa larawan sa ibaba batay sa inyong karanasan.



___________________________________

___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________

## *Rubrik* ng Pagbuo ng Pagmamarka

**Pamantayan**

1. May makatawag pansin na pamagat.
2. May maayos na pagkasunod-sunod ng mga ideya sa kabuuan ng talata.
3. May wastong bantas sa hulihan ng bawat pangungusap.
4. May panimulang pangungusap, gitnang pangungusap o katawan at pangwakas o konklusyon.
5. May indensyon o nakapasok ang unang salita at nag-uumpisa sa malaking letra.

5 puntos – Nasunod ang limang pamantayan.
4 puntos – May isang pamantayan ang hindi nasunod.
3 puntos – May dalawang pamantayan ang hindi nasunod.
2 puntos – May tatlong pamantayan ang hindi nasunod.
1 puntos – Isang pamantayan lamang ang nasunod.

# Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok:**

Araw ng Lunes, maagang gumising si Lina. Naligo siya at nagsepilyo ng ngipin. Kumain siya ng almusal. Masaya si Lina sa unang araw ng kaniyang pasok sa pahanon ng pandemya. Agad niyang niligpit ang kaniyang higaan.Nagbihis siya ng uniporme at humarap sa kompyuter para sa *online class*.Bukod sa *online class* mayroon rin siyang modyul na sinasagutan.
1. unang araw ng pasok. 2. Nagligpit ng higaan, naligo,nagsepilyo,kumain,at nagbihis 3. Online at gamit ang modyul 4.

**Balik Tanaw**

Ayon sa kasalukuyang pag-aaral, pangunahing kumakalat ang *COVID 19* ng tao sa tao. Sa tuwing bumabahing o umuubo ang taong maysakit, maaaring tumalsik ang mga droplet sa bibig o ilong ng ibang taong malapit sa kanya. Nararapat na protektahan ang sarili at ang iba laban sa sakit na ito sa pamamagitan ng madalas na paghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o alkohol.

**Gawain1**

Pangunahing Ideya
Malusog at malinis na bata si Jamer.
Kaugnay na pangungusap:
Kumakain siya ng masusustansiyang pagkain tulad ng prutas at gulay. Umiinom siya ng walong basong tubig at natutulog nang maaga. Naliligo siya araw-araw at nagpapalit ng malinis na damit. Palagi rin siyang naghuhugas ng kamay para makaiwas sa *COVID 19,* kaya siya ay isang batang malusog.

**Gawain2**

Tuwing araw ng Linggo pagkatapos magsimba, kaming magkakapatid ay ipinapasyal ng aming mga magulang sa parke. Masaya kaming naglalaro doon ng habulan, taguan, pagpapalipad ng saranggola, at kung ano-ano pang laro na aming maisip. Tapos, kakain kami ng masarap na pagkaing niluto ni Nanay. Samantala si Tatay naman ay abala sa pagkuha sa amin ng mga larawan. Masaya kami tuwing sasapit ang araw ng Linggo.

# Sanggunian

Amaflor Alde, Lea Agustin, Aireen Ambat, Josenette Brana, Florenda Cardinoza, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue, Louiegrace Margallo, Natasha Rae Natividad, Ronald Ramilo, Cynthia Reyroso, Agnes G. Rolle, Mercelita Salazar, at Jenny-Lyn Trapane ( 2017 ). **Pagsulat ng isang talata. Batang Pinoy Ako Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino3**, p.128

Valley, Rey ( 2019). *Halimbawa ng talata. Ang serye ng mga pangungusap.* https://philnews.ph/2019/07/19/halimbawa-ng-talata/